２０２６

# Fukui Prefectural Wakasugi Junior High School

# Impormasyon ukol sa Enrolment



出典：政府広報オンライン
（URL：https://www.gov-online.go.jp/）

## Layunin ng Wakasugi JHS na…

〇Ang mga taong gustong mag-aral muli, anuman ang edad o nasyonalidad, ay maaaring makaranas ng kagalakan ng pag-aaral at makamit ang kanilang mga layunin at pangarap nang may lakas ng loob.

〇Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa iba't ibang edad at nasyonalidad, maaaring kilalanin at pahalagahan ng mga mag-aaral ang mga katangian at birtud ng isa't isa.

Lupon ng Edukasyon ng Fukui Prefectural

## 1 Sino ang maaaring mag-enrol?

Ang mga nakakatugon sa lahat ng sumusunod na pamantayan at nais na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral sa junior high school

- ○ Ang sinumang nakatira o nagtatrabaho sa Fukui Prefecture, anuman ang nasyonalidad
- ○ Mga taong lampas sa edad ng paaralan (mga taong ipinanganak bago ang Abril 1, 2011)
- ○ Ang mga estudyante sa junior high school sa kasalukuyan ay hindi pwedeng mag-enrol.
  - ● Mga taong nakakatugon sa sumusunod na pamantayan
  - ● Mga hindi nakapagtapos ng sapilitang edukasyon o compulsory education.
- ◇ Mga hindi nakapag-aral ng sapat o hindi dahil sa pagliban o pagkakasakit.

## 2 Grado

- ○ Ang mga mag-aaral ay mag-uumpisa sa unang baitang.
- ○ Batay sa iyong nakaraang karanasan sa pag-aaral, posibleng mag-enrol sa kalagitnaan ng taon ng pag-aaral o sa ikalawa o ikatlong taon.

## 3 Panahon ng pag-aaral

- ○ Tatlong taon ang kadalasang kinakailangan upang makapagtapos.
- ○ Maaari kang makiusap na ulitin ang parehong baitang ng ilang taon kung kinakailangan.

## 4 Mga pag-aaralan

- ○ Ang mga estudyante ay mag-aaral ng wikang Hapon, araling panlipunan, matematika, agham, musika, sining, pangkalusugan at pangpisikal na edukasyon, teknolohiya at home economics, at Ingles. Bilang karagdagan, may mga espesyal na paksa tulad ng etika, komprehensibong pag-aaral, at mga aktibidad na ekstra-kurikular.
- ○ Maaari kang mag-aral ng wikang Hapon o mga paksang pang-elementarya.
- ○ May mga pinaplanong kaganapan tulad ng mga field trip, cultural festival, at isports.

## 5 Mga araw ng klase at oras ng pag-aaral

- ○ Ang mga klase ay ginaganap limang araw sa isang linggo, mula Lunes hanggang Biyernes.
- ○ Ang klase ay mula 5:30 p.m. hanggang 9:00 p.m.
- ○ Ang bawat aralin ay 40 minuto ang haba at mayroong apat na aralin bawat araw.

## 6 Gastos

- ○ Walang bayad sa matrikula, aklat-aralin o bayad sa pagpapatala.
- ○ Kakailanganin mong sakupin ang mga gastos para sa iyong materyales at transportasyon.

## 7 Pag-komyut papuntang paaralan

- ○ Maaari kang mag-komyut papunta sa paaralan sa pamamagitan ng bus, tren, bisikleta, o school bus.

## 8　Proseso ng pagpapatala

| | |
|---|---|
| **Tumawag sa amin** | Kung ikaw ay interesadong mag-enrol, tumawag lamang sa amin.<br>● Ipapaliwanag namin ang mga hakbang sa pagpapatala.<br><br>Dibisyon ng Sapilitang Edukasyon<br>0776－20－0574 |
| **Makilahok sa isang pagsubok na klase na mag-uumpisa sa Oktubre.** | Kinakailangang sumali sa pagsubok na aralin (trial lesson) at paunang pagpapaliwanag (briefing session) para maunawan ang paaralan at proseso ng pag-aaral dito. Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang flyer. |
| Ang lahat ng mga mag-aaral ay kinakailangang dumaan sa isang pagsubok na aralin at interbyu. | |
| **Ang mga panayam ay gaganapin (mula Oktubre)** | Ang interbyu ay isanasagawa upang matiyak na komportable ka sa iyong pagpasok sa Wakasugi JHS.<br>● Lugar: Wakasugi Junior High School<br>● Indibidwal ang interbyu. Isa-isa naming itatanong ang mga sumusunod. (Humigit-kumulang 30 minuto)<br>☐ Mga dahilan kung bakit gustong mag-enroll<br>☐ Ang iyong nakaraang kasaysayan sap ag-aaral<br>☐ Paano ka pupunta sa eskwelahan<br>☐ Iyong kalusugan<br>☐ Mga alalahanin tungkol sa pagpapatala |
| **Mag-apply para sa pagpasok (pagkatapos ng interbyu )** | Pagkatapos ng interbyu , ang mga aplikanteng gustong magpatala ay kailangang magsumite ng mga sumusunod na dokumento:<br>● Mga dokumentong isusumite<br>☐ Application Form ※ Ito ay maaaring hingin sa front desk ng Prefecture, City, and Town Board of Education. I-download at i-print mula sa website at punan.<br>☐ Kopya ng sertipiko ng paninirahan (certificate of residence)<br>※ Hindi kailangan ang iyong individual number (My Number).<br>☐ Sertipiko ng trabaho (certificate of employment)<br>(Para lamang sa mga nakatira sa labas ng prefecture at nagtatrabaho sa loob ng prefecture)<br>☐ Mga selyong nagkakahalagang 460 yen (para sa pagtugon sa mga abiso)<br>Kung nais mong mag-enroll pagkatapos ng deadline, mangyaring tawagan ang paaralan.<br>● Paano magsumite<br>・Ang mga dokumento ng aplikasyon para sa pagpasok ay dapat isumite sa Wakasugi Junior High School sa pamamagitan ng rehistradong koreo.<br>・Ikaw ang babayad sa gastos sa pagpapadala.<br>・Kung mahirap magpadala sa pamamagitan ng koreo, mangyaring tumawag sa paaralan.<br><br>Pagsusumite sa… 福井県立若杉中学校（ふくいけんりつわかすぎちゅうがっこう）<br>〒９１８－８５７５ 福井市若杉町（ふくいしわかすぎちょう）３５－２１ |
| Resulta ng pagpapatala o aplikasyon (Sa mga huling lingo ng Enero 2026) | Ipapaalam namin sa iyo ang resulta ng inyong aplikasyon<br>● Kapag naisumite mo na ang iyong aplikasyon, makakatanggap ka ng abiso sa Enero. |

## ９　Makipag-ugnayan sa Amin

〇Fukui Prefectural Wakasugi Junior High School Mangyaring makipag-ugnayan sa amin mula Oktubre　１.

〒９１８－８５７５　福井市若杉町３５－２１


📞 Wala pang telepono ang Wakasugi JHS. I-aanunsyo ito sa website kapag mayroon na sila nito.

〇Fukui Prefectural Board of Education, Compulsory Education Division

〒９１０－８５８０　福井市大手３丁目１７番１号　県庁１１階

📞 ０７７６－２０－０５７４

✉ gimu@pref.fukui.lg.jp




## １０　Paano makapunta sa lugar

〇Fukui Station ⇒ Wakasugi Junior High School

Keifuku Bus "Route 70 Undo-Kouen Line"

Sumakay ng bus sa Platform 4 ng JR Fukui Station West Exit bus terminal at bumaba sa Michimori High School.

Aalis ang bus mula Fukui Station sa 17:00 at dadating sa Michimori High School sa 17:12.

〇Wakasugi Junior High School ⇒ Fukui Station

Keifuku Bus "Route 70 Undo-Kouen Line"

Ito ay tatagal ng 12 minuto. Bumaba sa babaan ng bus sa Michimori High School.

Aalis ang bus mula Michimori High School sa 21:10 at dadating sa Fukui Station sa 21:36.

Keifuku Bus website　https://bus.keifuku.co.jp/

☆Aalis mula sa Fukui Station (sa harap ng Broadcast Hall) ang school bus sa 17:15. Sa pagbalik sa Fukui Station, ang bus ay aalis mula sa Michimori High School sa 21:05.